



## MGA HINIHINGI SA PAARALAN, EPEKTIBO: HULYO 1, 2020

### Ano ang hinihingi ng Batas ng Estado ng Hawaii para makadalo sa isang pasilidad para sa pag-aalaga ng bata at sa paaralan?

Hinihingi ng Batas ng Estado ng Hawaii na matugunan ng lahat ng mag-aaral ang pisikal na eksaminasyon, imyunisasyon, at mga kinakailangang clearance sa tuberkulosis bago sila makapasok sa isang pasilidad para sa pag-aalaga ng bata, preschool, o paaralang pampubliko/pribado sa Estado.

### May pinahihintulutan bang mga eksepsyon?

Ang mga bata ay maaaring hindi isali sa mga hinihinging imyunisasyon sa mga dahilang medikal o pangrelihiyon, kung makapaglalalahad sila ng angkop na dokumentasyon sa pasilidad ng pag-aalaga ng bata o paaralan. Ang mga form para hindi makasali dahil sa relihiyon ay maaaring kumpletuhin sa pasilidad ng pag-aalaga ng bata o sa paaralan na papasukan ng inyong anak. Ang medikal na eksepsyon ay kailangang makuha sa tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak. Wala ng ibang eksepsyon na pinahihintulutan ng Estado.

### Anu-ano ang mga kinakailangang pangkalusugan?

- 1 Pisikal na Eksaminasyon:**
  - Kailangang makumpleto sa loob ng isang taon bago:
    - Ang unang araw ng pagpasok sa isang pasilidad sa pag-aalaga ng bata, preschool, o paaralan sa Hawaii; at
    - Unang araw ng pagpasok sa ikapitong grado.
  - Kailangang gawin ng isang lisensyadong manggagamot sa Estados Unidos, APRN o PA.
- 2 Mga Imyunisasyon:**


Ang mga imyunisasyon ay kinakailangan para sa pagpasok sa mga pasilidad ng pag-aalaga ng bata at sa paaralan. Ang mga kinakailangang imyunisasyon ay depende sa edad ng bata (pag-aalaga ng bata o preschool) o sa grado ng mag-aaral. Kailangang matugunan ng lahat ng imyunisasyon ang minimum na edad at mga kinakailangan sa pagitan ng mga dosis ng bakuna.
- 3 Clearance sa Tuberkulosis (TB):**

Para sa impormasyon tungkol sa mga hinihingi para sa clearance sa TB para makapasok sa paaralan, kausapin ang tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak o makipag-ugnayan Sangay ng Kagawarang Pangkalusugan para sa Pagpigil sa Tuberkulosis:

  - 📞 Telepono: (808) 832-5731
  - 🌐 Web: [health.hawaii.gov/tb](http://health.hawaii.gov/tb)

### Ano ang kinakailangan sa unang araw ng pagpasok sa paaralan?

Sa unang araw ng pagpasok sa paaralan, lahat ng mag-aaral na papasok sa pangangalaga ng bata, preschool, o paaralan sa Hawaii sa kauna-unahang pagkakataon ay dapat na may:



Ang mga mag-aaral na hindi makakakumpleto sa mga hinihingi sa itaas sa unang araw ng pagpasok sa paaralan ay hindi pahihintulutang pumasok sa paaralan hanggang matugunan nila ang mga kinakailangang gawin.



## Saan ko kukuhanin ang form na “Rekord ng Kalusugan ng Mag-aaral”?

Maaari kang kumuha ng kopya ng form na “Rekord ng Kalusugan ng Mag-aaral” (Form 14) mula sa pasilidad ng pag-aalaga ng bata o sa paaralan kung saan ipalilista ang iyong anak o mula sa tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.

## Paano kung ang anak ko ay lilipat mula sa isang estado o teritoryo ng Estados Unidos?

Kailangang magpakita ka ng katanayan na natugunan ang mga kinakailangang pangkalusugan bago ang pagpasok sa pasilidad ng pag-aalaga ng bata o sa paaralan. Ang pasilidad para sa pag-aalaga ng bata o paaralan ay tatanggap ng mga rekord sa labas ng estado na makakatugon sa mga hinihingi ng Estado ng Hawaii para sa mga pisikal na eksaminasyon, imyunisasyon at clearance sa tuberculosis.

## Anu-ano ang mga kinakailangang imyunisasyon?

Ang mga imyunisasyon ay kinakailangan para sa lahat ng mag-aaral na papasok sa pag-aalaga ng bata o preschool, kindergarten, at ikapitong grado, at para doon sa mga mag-aaral na pumapasok sa paaralan sa Hawaii sa kauna-unahang pagkakataon, anuman ang kanyang edad.

### Pag-aalaga ng Bata o Preschool

- Diphtheria-Tetanus-Pertussis (DTaP)
- *Haemophilus influenzae* type b (Hib)
- Hepatitis A (Hep A)
- Hepatitis B (Hep B)
- Measles-Mumps-Rubella (MMR)
- Pneumococcal Conjugate Vaccine (PCV)
- Polio (IPV)
- Varicella (chickenpox)

### Kindergarten – ika-12 Grado grado

- DTaP
- Hep A
- Hep B
- Human Papillomavirus (HPV)\*
- Meningococcal Conjugate (MCV)\*
- MMR
- IPV
- Tetanus-diphtheria-pertussis (Tdap)\*
- Varicella

### Ika-7 Grado

- HPV
- MCV
- Tdap

*\*Lahat ng mag-aaral na pumapasok sa paaralan sa Hawaii sa kauna-unahang pagkakataon sa ika-7 grado o mas mataas pa ay dapat magpakita ng katanayan ng pagtanggap ng mga imyunisasyong ito bago ang pagpasok sa paaralan.*

## Mga Tanong?

### Sangay ng Kagawarang Pangkalusugan sa Hawai'i para sa Imyunisasyon



Web: [health.hawaii.gov/docd/vaccines-immunizations/school-health-requirements/](http://health.hawaii.gov/docd/vaccines-immunizations/school-health-requirements/)  
 Email: [immunization@doh.hawaii.gov](mailto:immunization@doh.hawaii.gov)  
 Telepono: (808) 586-8332 o 1 (800) 933-4832

### Sangay ng Kagawarang Pangkalusugan sa Hawai'i para sa Pagpigil sa Tuberkulosis



Web: [health.hawaii.gov/tb](http://health.hawaii.gov/tb)  
 Telepono: (808) 832-5731

Mga Serbisyong Walang Diskriminasyon: Maaakses ang aming mga gawain nang walang pagkiling sa lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang wika), edad, kasarian, relihiyon, o kapansanan. Sumulat o tumawag sa Hawai'i Department of Health Immunization Branch o sa aming departmental Affirmative Action Officer at P.O. Box 3378, Honolulu, Hawai'i 96801-3378 o sa (808) 586-4616 (voice/tty) sa loob ng 180 araw ng problema.

